# Balitang Manmin

BILANG 146 DISYEMBRE 20, 2015

# Seminar ng mga Pastor na taga-Israel at Krusadang may Panyo













Ang Tagapagsalitang si Rev. Dr. Soojin Lee (litrato 1), ang mga taong nagpatotoo tungkol sa kanilang paggaling sa Krusadang may Panyo (litrato 2, 3, 6), ginawaran ng plake ng pagpapahalaga ng Crystal Forum ang tagapagsalita (litrato 4), Seminar ng mga Pastor (litrato 5, 7, 10), at ang mga pagtatanghal ng Lider ng Papuri na si Rose Han at ng Glory Worship Dance Team (litrato 8, 9).

Noong Oktubre 29, 2015, idinaos ng Crystal Forum (samahan ng mga pastor na taga-Israel) ang seminar para sa mga pastor sa Kibbutz Shefayim Hall, Kibbutz Hotel. Maraming pastor ang dumalo – nagmula sila sa Israel, Russia, Finland, at United Kingdom.

Inihatid ni Rev. Dr. Soojin Lee, Presidente ng Samahan ng mga Pastor ng Manmin Central Church, ang mensaheng may titulong "Sanctification" (Pagpapakabanal). Para maging banal, ipinaliwanag niya ang tungkol sa mga kasalanan at ang kahalagahan ng panalangin. Itinuro din niya kung paano manalangin ng tama. Sinabi niya, "Dapat iwaksi ng mga pastor ang mga kasalanan nila at magpakabanal. Kung gagawin nila ito, tatanggapin nila ang kalakasan mula sa Diyos para pumatnubay sa mga mananampalataya sa tamang daan. Magkakaroon ng panibagong sigla ang mga iglesya nila at tatanggap sila ng mga biyaya."

Pagkatapos ng seminar, nagkomento ang isang pastor na dumalo, "Kinakailangan namin ang mensaheng ito. Ito na ang panahon para pagalingin ang puso ko." Sinabi naman ng isa pang pastor, "Natanto ko ang tunay na diwa ng ebanghelyo ng kabanalan. Gusto kong lumakas at maging banal." Ayon naman sa isa pa, "Si Dr. Jaerock Lee ang pinakamahusay na guro na nakilala namin, siya ang espirituwal na ama natin." Ipinahayag naman ni Pastor Vladimir Osipov, Tagapangulo ng United Holiness Church of Jesus Christ, sa Russia, ang taos-pusong pasasalamat, sinabi niya, "Napakahalagang maibahagi ang ebanghelyo ng kabanalan sa mundong puno ng kasalanan sa panahong malapit ng magwakas."

Noong Oktubre 30, idinaos ang krusadang may panyo sa Kibbutz Shefayim Hall, puspos ito ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu (Ang Mga Gawa 19:11-12). Napuno ng tao ang lugar. Naunang ipalabas ang video ng "The Power of God" na nagpakita ng mga makapangyarihang pagkilos sa pamamagitan ng pananalangin ni Dr. Jaerock Lee. Nang nagsimulang isa-isang nagpahayag ng mga patotoo ang mga mananampalataya, niluwalhati ang Diyos ng mga dumalo, masigabo ang palakpakan nila.

Umawit ng mga papuring awitin sa wikang Hebreo, Ruso, at Ingles ang lider ng papuri na si Rose Han, Biseng Tagapangulo ng Komite ng Sining. Sinayaw ng Glory Worship Dance Team ang isang tradisyunal na sayaw ng Israel. Nang simulan niya ang awitan sa harapan ng kongregasyon, maraming napaluha, pinuri nila ang Diyos na Tagapagligtas ng Israel.

Ipinangaral ni Rev. Dr. Soojin Lee ang mensaheng may titulong, "How To Meet God" (Paano Matatagpuan ang Diyos). Sinabi niyang dapat tayong maging masigasig sa paghahanap sa Diyos, at sinabi niyang matatagpuan natin Siya sa Salita, pananalangin, papuri, at pagsamba. Pagkatapos, idinalangin niya ang mga maysakit, at marami ang gumaling. Nagpatotoo sila sa entablado ng tungkol sa kanilang paggaling.

Marami ang napagaling mula sa pananakit ng likod, kanser, rayuma, at iba pang karamdaman. Nakapaglakad ng walang tulong ang mga nahihirapang maglakad. Bumuti ang kalagayan ng mga may sintomas ng epilepsy, autism, at pagiging abnormal dahil sa panalangin.

Noong Oktubre 31, nagkaroon ng pagsamba na iniukol sa paglipat ng lugar ng santuwaryo ng King of Glory Church sa Jerusalem, Inihatid ni Rev. Lee ang mensahe tungkol sa Sampung Birhen.

Noong Oktubre 28, ipinagdiwang ng Crystal Forum ang ika-7 anibersaryo nila. Ang Crystal Forum ay itinatag ng mga pastor sa Israel na nagkaroon ng espirituwal na katapangan dahil sa ministeryo ni Dr. Jaerock Lee sa bansa nila.

Nang namuno si Dr. Lee ng krusada ng pagkakaisa sa Israel noong Setyembre 2009 na idinaos sa International Convention Center sa Jerusalem, nagsimula ng mas aktibong pagmiministeryo ang mga pastor ng Crystal Forum. Ipinapangaral nila ang ebanghelyo ng kabanalan sa maraming bansa sa buong mundo. Lumaki na rin ang organisasyong ito, maimpluwensya na sila. Masipag nilang ginagampanan ang mga tungkulin nila sa iba't ibang ministeryo at paraan tulad ng mga krusadang may panyo, mga seminar para sa mga pastor, mga pagdiriwang at papuri, pagsasama-sama ng mga kabataan, mga bata, at mga seminar para sa mga mag-asawa.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"Subalit ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiyaga, kagandahang-loob, kabutihan, katapatan, kaamuan, at pagpipigil sa sarili. Laban sa mga ito ay walang kautusan." (Galacia 5:22-23)

## Siyam na Bunga ng Banal na Espiritu (2)

# Kagalakan

Tatanggapin ng isang taong tumanggap kay Jesu-Cristo bilang Tagapagligtas ang kaloob ng Banal na Espiritu, at ipapanganak siyang muli bilang anak ng Diyos. Magkakaroon sila ng mga bunga ng Banal na Espiritu kung mabubuhay sila ayon sa hinahangad ng Espiritu, ibig sabihin, sumusunod sa katotohanan ayon sa paggabay ng Banal na Espiritu.

Pag-aralan natin ang bunga ng kagalakan.

### 1. Kagalakan: magalak at magsaya kahit ano pa ang situwasyon

Ang espirituwal na kagalakan ay hindi lang naliligayahan at nagsasaya.

Nagagalak din ang mga hindi mananampalataya kapag nakakaranas sila ng isang bagay na mabuti, pero pansamantala lang ito. Kapag nahihirapan na sila, nawawala na ang galak at saya nila. Pero kung mayroon tayong bunga ng kagalakan ng Espiritu, pwede tayong magalak at magsaya kahit ano pa ang situwasyon at pangyayari.

Sinasabi ng 1 Mga Taga-Tesalonica 5:16-18, "Magalak kayong lagi. Manalangin kayong walang patid. Sa lahat ng bagay ay magpasalamat kayo, sapagkat ito ang kalooban ng Diyos kay Cristo Jesus para sa inyo." Espirituwal na kagalakan ang palaging nagagalak at nagpapasalamat sa lahat ng bagay.

Ang kagalakan ay isa sa mga pamantayan para suriin kung nagsusulong tayo ng tamang buhay bilang Cristiano. May mga taong sumusunod sa Panginoon nang may kagalakan at kasiyahan sa bawat sandali ng buhay nila. Parang nagsusulong ng masigasig na buhay sa pananampalataya ang ibang tao, pero hindi sapat ang kagalakan at pagpapasalamat nila na nagmumula sa kaibuturan ng kanilang puso. Ginagawa nila ang mga tungkuling ibinigay ng Diyos na parang mabigat na responsibilidad. Kapag nagkaroon sila ng mga hindi inaasahang problema, nababalisa sila at ninenerbiyos. Suriin ninyo kung taos-puso ang kagalakan ninyo kahit maharap kayo sa mga mahihirap na pangyayari.

Sa katunayan, ang pagpapalang kaligtasan ay labis ng dahilan para magalak palagi. Mahirap ipaliwanag ang kasiyahan kung iisipin ninyo na ligtas kayo mula sa apoy ng Impiyerno at pupunta sa Langit. Napakalaki ng kagalakan na nadama sa 'unang pag-ibig' nang makilala natin ang Panginoon. Kahit wala na tayong kakainin kinabukasan, o sobra na ang kapaguran pagkatapos magtrabaho ng mabigat, may papuri pa rin sa ating mga labi. Masaya na tayong isipin ang Langit kahit inuusig tayo, o nagdurusa sa walang katarungang paghihirap dahil sa pangalan ng Panginoon.

Sa totoo, kakaunti ang taong nagpapanatili ng unang pag-ibig sa puso nila. Paglipas ng ilang panahon, unti-unting nawawala ang kagalakang ito, at kahit isipin pa ng taong ito ang pagpapalang kaligtasan, iba na ang nadadama nila, hindi na katulad ng dati. Kapag nagkaroon ng mga problema, nagbubuntong hininga sila, dadaing dahil nahihirapan. Bakit sila nagbabago? Ito ay sapagkat makalaman ang puso nila. Ang 'isipan at ugaling nagbabago' ay isa sa mga katangian ng 'laman'. Ang isang taong may ugaling makalaman ay pwedeng puno ng kagalakan sa isang sandali pero biglang nawawala ang kagalakan.

### 2. Para magbunga ng kagalakan

#### 1) Iwaksi natin ang laman

Kung hindi tayo 'makalaman', hindi tayo 'magseselos o maiinggit' kapag pinagpapala at pinupuri ang ibang tao, magagalak tayo, parang tayo na rin ang pinagpapala at pinupuri. Sa kabilang banda, kung 'makalaman' tayo magseselos at maiinggit tayo, hindi tayo mapapalagay kapag mas magaling ang ibang tao kaysa sa atin. Mawawala ang kagalakan natin at manghihina ang kalooban natin dahil pakiramdam natin mas mababa tayo sa kanila.

At kung wala tayong 'galit' at 'sama ng loob', palagi tayong magiging mapayapa kahit mali ang pagtrato sa atin, o kahit masira tayo o mawalan. Sumasama ang loob natin dahil may 'ugaling makalaman' ang kalooban natin. Dahil dito mabigat ang pakiramdam natin. Masasaktan tayo at maaawa sa sarili kung iisipin nating naaapi tayo kung ikukumpara sa ibang tao.

Bukod dito, kung makalaman tayo, hindi magiging espirituwal ang pananampalataya natin. Ito ang dahilan kung bakit mas nag-aalala tayo dahil hindi natin magawang sa Diyos lang umasa. Ang mga taong nagpapatakbo ng sariling negosyo ay mas magiging masagana sa lahat ng bagay at tatanggap ng umaapaw na biyaya kung makikinig at susunod sila sa tinig ng Banal na Espiritu. Pero kung masiba, walang tiyaga, at may makalaman na saloobin sila, mahihirapan sila. Habang dumarami at lumalaki ang iwinawaksi nating ugaling laman mula sa puso natin, mas lalaki ang espirituwal na kagalakan at pagpapasalamat ang darating sa atin.

#### 2) Sundin natin ang nais ng Banal na Espiritu sa lahat ng bagay

Huwag nating hanapin ang kagalakan na ibinibigay ng mundong ito, hanapin natin ang kagalakan mula sa Banal na Espiritu na nagmumula sa Langit. Madadama natin ang pagiging puspos ng Espiritu kapag nagagalak ang Banal na Espiritu na nasa atin. Lalo tayong magagalak kung sumasamba tayo sa Diyos, nananalangin sa Kanya, pinupuri Siya ng buong puso at isinasabuhay ang Salita Niya. Kapag natanto na natin na binago tayo ng katotohanan, lubos na ang kagalakan natin, magpapasalamat tayo.

Sa buhay ninyo araw-araw, pwede kayong pumili sa pagitan ng mga nais ng Banal na Espiritu at pagnanasa ng laman. Kung pipiliin ninyo palagi ang nais ng Banal na Espiritu, magagalak Siya sa inyo, kaya kayo rin ay mapupuspos ng kagalakan. Nakasulat sa 3 Juan 1:4, "Wala ng higit pang kagalakan sa ganang akin na gaya nito, na marinig na ang aking mga anak ay lumalakad sa katotohanan." Naisulat, nagagalak ang Diyos kapag isinasabuhay ninyo ang katotohanan, bibigyan Niya kayo ng kagalakan sa kapuspusan ng Espiritu.

Halimbawa, ipagpalagay nating pareho ninyong hinahanap ang pansariling kapakanan at ang kapakanan ng ibang tao, mawawalan kayo ng kagalakan kung ganito palagi ang nangyayari. Kung susundin ninyo ang laman at hahanapin ang sariling kapakanan, hindi kayo magkakaroon ng espirituwal na kagalakan, panandalian lang lahat ito. Hindi rin matatahimik ang isipan ninyo. Sa kabilang banda, kung nagpasya kayong hanapin ang ikabubuti ng ibang tao, kahit mawalan pa kayo, magkakaroon kayo ng kagalakan mula sa langit dahil magagalak ang Banal na Espiritu. Ang mga nakaranas na ng ganitong klaseng kagalakan ang makakaunawa nito. Ito ang kasiyahang hindi maibibigay o malalaman ng mundo.

Ganito ang patakaran sa lahat ng bagay. Kung nagbago at naging maawain ang isang taong dating nanghuhusga ayon sa pamantayan niya, mapapayapa siya, magiging mabuti ang lahat ng bagay para sa kanya. Kung sisikapin nating gawing kumportable ang ibang tao at kakalimutan ang 'sarili', makakaranas tayo ng kapayapaan at kagalakan. Bukod dito, hindi na mahalaga sa inyo ang pagkakaiba at hindi pagkakasundo ng pagkatao ninyo. Hindi na ninyo iisipin na hindi ninyo gusto ang taong ito. Habang sinusunod ninyo ang nais ng Banal na Espiritu, mas magagalak ang espiritu ninyo at magbabago ayon sa katotohanan ang puso ninyo. Magbubunga kayo ng kagalakan, makikita ang espirituwal na liwanag sa inyong mukha.

#### 3) Masigasig nating itanim ang mga binhi ng kagalakan at pagpapasalamat

Ang magsasaka ay magtatanim ng binhi at magtitiyaga sa pag-aalaga nito para umani ng bunga. Tulad nito, para magkaroon tayo ng espirituwal na kagalakan, dapat nating hanapin ang mga bagay na pasasalamatan at makakapagbigay ng kagalakan sa atin. Magpasalamat tayo sa Diyos. Kung may pananampalataya tayo, napakaraming bagay araw-araw ang dapat nating ipagpasalamat.

Una, mayroon tayong kagalakan sa kaligtasan, hindi ito maipagpapalit sa kahit na anong bagay. At ang mabuting Diyos ay ating Ama. Iniingatan Niya ang mga anak Niyang nabubuhay sa katotohanan, sumasagot Siya sa mga hinihiling natin. Bukod dito, kung sinusunod ninyo ang Sabbath at nagbibigay ng buong ikapu sa buong taon, walang mangyayaring masama sa inyo, hindi rin kayo maaaksidente. Kung susundin ninyo ang mga utos Niya at tapat kayo sa Kanya at hindi nagkakasala, aapaw palagi ang mga biyayang para sa inyo.

Kahit maharap pa kayo sa mga situwasyong mahihirap, alam ninyo kung paano lulutasin ang mga ito. Kung nakagawa kayo ng mali, mahahabag sa inyo ang Diyos, ibibigay Niya sa inyo ang solusyon. Kung walang maiiakusa sa inyo, mas magagalak at magpapasalamat pa kayo (1 Juan 3:21).

Kapag naghahanap tayo ng mga bagay na dapat pasalamatan, bibigyan pa tayo ng Diyos ng mas maraming bagay na pasasalamatan. Mas lalaki ang pagpapasalamat at kagalakan natin hanggang sa magbunga tayo ng lubos na kagalakan.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, dapat tayong magbunga ng kagalakan para maging masaya tayo bawat araw. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na nawa ay ibunga ninyo nang masagana ang lahat ng bunga ng Banal na Espiritu para makamit ninyo ang buong kagalakan na ibibigay ng Diyos sa inyo magpakailanman.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr

Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin





# Batid ba Ninyo ang Pag-ibig ng Diyos na Nagnanais na Magligtas sa Atin Hanggang sa Kahulihulihang Sandali?

Ipinapakita sa atin ng Diyos ang sukdulang pag-ibig Niya ayon sa limitasyon ng katarungan kahit hindi maiiwasan ang paghatol. Ito ay sapagkat nais Niyang talikuran ng mga gumagawa ng kasamaan at mga makasalanan ang daan patungo sa kamatayan (Ezekiel 18:23). Sa mga sumusunod na pangyayari na nakatala sa Biblia, madadama natin ang pag-ibig ng Diyos na nagnanais magbigay ng pagkakataon para sa kaligtasan. Sa pamamagitan ng pagpapala at biyaya ng Diyos, makakamit natin ang perpektong kaligtasan.

## ►► Ang Paghatol ng Malaking Baha: Nais magligtas ng Diyos ng maraming tao sa pamamagitan ng isang matuwid na tao, si Noe

Sa Genesis 6, naganap ang paghatol sa pamamagitan ng malaking baha noong panahon ni Noe. Matagal at matiyagang naghintay ang mapagmahal na Diyos, pero napakasama ng mga tao sa mundo. Hindi maiiwasan ang paghatol dahil puro kasamaan ang laman ng puso ng mga tao.

Gayon pa man, nakiusap ang Diyos kay Noe na iproklama ang paghatol na mangyayari, ililigtas Niya ang mga taong makikinig at papasok sa daong. Pero walang nakinig, maliban sa kanyang pamilya. Si Noe at ang pamilya lang niya ang pumasok sa daong. At tinapos ang pinaghandaang paghatol.

Pero kahit naisarado na ni Noe ang pintuan ng daong, binigyan ulit ng Diyos ang mga mamamayan ng pitong araw na palugit. Naghintay si Noe para kung mayroon mang kakatok sa pintuan, sabay silang maliligtas. Madadama natin ang maalab na damdamin ng Diyos na nagnanais na magligtas ng mga tao, nagbibigay Siya ng pagkakataon kahit dapat silang hatulan ayon sa katarungan.

## ►► Paghatol sa Sodoma at Gomorra: naging ganap ang katarungan dahil sa pag-ibig ng isang matuwid na tao, si Abraham

Sa Genesis 18, nagpakita ang Diyos kay Abraham at sinabi dito ang tungkol sa paghatol sa Sodoma at Gomorra bago pa mangyari ito. Bago Niya hatulan ang mga tao roon, dalawang beses Niyang tiningnan ang mga kasalanan at kasamaan nila. Nais Niyang makapagligtas kahit isa pang tao.

Nais ng Diyos na magbigay ng pagkakataon sa mga tao sa pamamagitan ng isang matuwid na tao, si Abraham. Batid Niya na maiintindihan ni Abraham ang kalooban Niya, mamamagitan ito para sa kanila dahil minamahal niya ang mga mamamayan. Sa bandang huli, tumanggap si Abraham ng pangako mula sa Diyos. Nangako ang Diyos na hindi Niya wawasakin ang mga lunsod kung makakakita dito ng kahit sampu man lang na matuwid.

Pero nang isugo ng Diyos ang Kanyang mga arkanghel para tingnang mabuti ang lunsod ng Sodom, ni walang sampung matuwid na tao. Ang hatol sa pamamagitan ng apoy ay bumagsak sa kanila. Samantala, iniligtas ng Diyos ang pamangkin ni Abraham na si Lot at ang mga anak nitong babae alang-alang kay Abraham.

Sa ganitong paraan tinupad ng Diyos ang katarungan hanggang sa huli, mayroong pagmamahal.

## ►► Paghatol sa Nineveh: Kaligtasang ibinibigay ng Diyos sa mga mamamayan ng Nineveh hanggang sa huling sandali

Sa Jonas 1, sinabi ng Diyos kay propetang Jonas na ipangaral na malapit ng dumating ang hatol ng pagkawasak sa lunsod ng Nineveh. Hindi labag sa katarungan na wasakin ang lunsod dahil ang kasamaan ng mga tao dito ay nakaabot na sa Diyos. Pero binigyan pa rin sila ng Diyos ng pagkakataon para magsisi, talikuran ang mga kasalanan, at tumanggap ng kaligtasan.

Nag-ayuno at nanalangin ng maalab ang lahat ng mamamayan ng Nineveh, kabilang na ang hari. Hindi rin nila pinakain ang mga bakahan nila at tinalikuran ang masasamang gawain at ang karahasan na ginagawa nila. Nang makita ito ng Diyos, nagbago ang isip Niya tungkol sa sinabi Niyang gagawin Niya. Hindi Niya ito itinuloy (Jonas 3:10). Pero, pagkalipas ng isandaang taon, ang lunsod ay muling napuno ng kasalanan at kasamaan. Sila ay hinatulan. Hindi sila nagsisi sa pagkakataong ito, at bumagsak ang buong lunsod noong taong 609 B.C.

Bago mangyari iyon, nagbigay ang Diyos ng maraming pagkakataon para talikuran nila ang kanilang mga kasalanan. Inialok sa kanila ng Diyos ang kaligtasan hanggang sa huling sandali. Gayon pa man, hindi tinanggap ng mga tao ang pagkakataong ibinigay sa kanila, pinili nila ang daan patungo sa pagkawasak.

## ►► Ang Pitong Taong Malaking Kapighatian: Huling pagkakataong ibibigay ng Diyos para maligtas sa pamamagitan ng dalawang saksi at 144,000 mangangaral

Kapag naipangaral na ang ebanghelyo sa lahat ng sulok ng mundo, babalik ang Panginoon sa papawirin. Ang mga taong nanampalataya at naligtas dahil nakinig sa ebanghelyo at nabuhay ayon sa kalooban ng Diyos ay magkakaroon ng katawang muling binuhay at kukunin sa isang iglap. Dito magtatapos ang pangangalaga ng sangkatauhan at magaganap ang kahabag-habag na Pitong Taong Malaking Kapighatian sa mga maiiwan dito sa mundo.

Pero may paraan pa ring inihanda ang Diyos para sa mga taong maiiwan dito sa mundo na hindi pa nakarinig ng tungkol sa kaligtasan. Kung maririnig nila ito mula sa dalawang saksi at sa 144,000 mangangaral na naipropesiya sa Aklat ng Pahayag, at tanggapin nila si Jesus bilang sariling Tagapagligtas, papanaw sila sa mga kapahamakan na dala ng kalikasan o sa mga labanan, hindi sila mahihirapan, maliligtas sila. Nais ng Diyos na makapagligtas kahit ng isa pang kaluluwa hanggang sa huli.

Gayon pa man, dapat maging martir para maligtas ang mga nakarinig ng ebanghelyo at nagsabing nagtitiwala sila pero wala namang pananampalataya. Para makuha nila ang huling pagkakataon para maligtas, dadaan sila sa malupit na pagpapahirap, manatiling nananampalataya at hindi magpatatak ng tanda ng halimaw. Pero kakaunti ang magiging martir at maliligtas sa ganitong paraan.

# "Namangha Ako sa Pagpapakita ng Kapangyarihan Gamit ang Panyo!"

Noong Setyembre 2005, nakilala ko si Dr. Jaerock Lee. Magmula noon, nagbago na ang buhay ko, naging misyonera ako, nagbabahagi ng ebanghelyo ng Panginoon. Maraming tao ang tumanggap sa Panginoon nang ipinangaral ko ang ebanghelyo ng kabanalang itinuturo ni Dr. Lee, puno ito ng buhay. Ibinabahagi ko rin ang tungkol sa kapangyarihan ng Diyos.

Totoong kamangha-mangha ang kapangyarihang ipinapakita sa panyo na dinalanginan ni Dr. Lee. Marami ang gumaling mula sa mga karamdaman, nalutas ang mga problema at tumanggap ng mga kasagutan dahil sa panyo.

Salamat sa panyo, nagkaroon ng malaking pagbabagong buhay at pagbabalik ng sigla ang London Manmin Church, tumanggap din ng maraming biyaya ang mga miyembro ng iglesya ko. Nagkakaisa kami sa pagsasabing lahat ng ito ay dahil sa pagpapala ng Diyos.

Noong taong 2014, si Kapatid na Reuben (17 taong gulang na siya ngayon) ay nagkaproblema sa pagintindi o pag-unawa sa mga bagay dahil hindi normal ang pagbuo ng pag-iisip o pagkatao niya. Wala siyang kakayahang makipag-usap sa ibang tao. Nang pumasok ang taong 2015, tinanggap niya ang panalanging may panyo. Naiintindihan na niya ngayon kung ano ang sinasabi ng ibang tao, nakakapamili pa siya ng mga gusto niyang programa sa iPad.

Noong Hulyo 2013, si Sister Rosetta Ashidu na taga-Republic of South Africa ay nagdusa dahil nalaman niyang may kanser siya sa dibdib, natakot siyang ikamatay niya ito. Pero magmula ng magrehistro siya sa London Manmin Church, at tanggapin ang panalanging may panyo, bumuti ang kalagayan niya. Noong Pebrero 2015, malusog at magaling na siya.


Noong Hulyo 2015, nagrehistro sa iglesya ang isang pamilya na nagmula sa Swaziland. Marami silang problema. Sumamba sila sa mga diyus-diyosan at may mga hindi pagkakaunawaan ang mga miyembro ng pamilya. May sakit sa pag-iisip ang anak na babae nila. Pagkatapos nilang magrehistro, pinakinggan nila ang sermon ni Dr. Lee na "Goodness", uminom sila ng Muan Sweet Water, at tumanggap ng panalanging may panyo. Pagkatapos, naging mapayapa ang pamilya nila at gumaling ang anak nilang may problema sa pag-iisip.

Noong Setyembre 2015, si Kapatid na Maria na taga-Uganda ay nagkasakit. Namayat siya, hindi makakain. Nang magpasuri siya sa ospital, hindi masabi ng mga doktor kung ano ang karamdaman niya. Sinabi lang ng doktor na mahina ang panlaban niya sa mga sakit at mahina rin ang mga himaymay ng katawan niya. Palala nang palala ang kalagayan niya. Hinimatay siya at hindi na gumising, walang magawa ang pamilya niya kundi hintayin ang kamatayan niya.

Nang mabalitaan ko ang tungkol sa kanya, kinausap ko sila sa telepono, tinulungan ko silang magkaroon ng pananampalataya sa Diyos. Nanalangin din ako gamit ang panyong makapangyarihan. Noong sandaling iyon, bumukas ang espirituwal na mga mata ko, nakita ko ang kamay ng Punong Pastor sa loob ng limang minuto. Bumuti ang paghinga ni kapatid na Maria. Nagising siya at humingi ng inumin. Pagkatapos, naging malusog na siya. Hallelujah!

Noong Agosto 2015, ako at ang asawa ko ay nakibahagi sa retreat sa tag-init ng Manmin sa pamamagitan ng GCN, tumanggap kami ng maraming pagpapala. Nagdusa sa pananakit ng kanang balikat ang asawa kong si Misyonero David Mukasa mga ilang araw na bago idaos ang retreat. Hindi niya naigalaw ang kanang braso niya, hindi siya nakapagsuklay ng buhok o nagkapagbihis nang walang tulong. Nasasaktan din siya kapag naglalakad. Pero lubos ang paggaling niya nang tanggapin niya sa pangalawang pagkakataon ang panalangin ng Punong Pastor para sa mga maysakit sa pagpupulong na may banal na pagpapagaling.

Misyonera Jane Mpologoma at ang asawa niyang si Misyonero David Mukasa
London Manmin Church, U.K.



Naigagalaw na niya ang kanang braso niya nang walang problema.

Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na tumutulong sa ating maintindihan ang ebanghelyo ng kabanalan, manahan sa pagmamahal Niya, at maranasan ang kapangyarihan sa pamamagitan ng pastol. Masaya naming natutupad ang ministeryo namin.

# "Gumaling ang Buto at Litid Ko sa Balikat"

Noong Oktubre 2006, magmula ng magsimula akong dumalo sa Manmin Central Church, nagbago ang buhay ko. Nasira ang buhay ko sa paglalasing, pagsusugal, at pagtaya sa karera ng kabayo. Ilang beses ko din tinangkang magpakamatay. Pero nalaman ko ang tungkol sa Manmin at tumanggap ako ng maraming pagpapala mula sa mga sermon ni Dr. Jaerock Lee. Tumanggap din ako ng panalangin niya. Dahil dito, nagbago ang buhay ko.

Namangha at sumaya ang nanay ko nang makita niya ang pagbabago ko. Noong nasa Seoul siya, dahil sa panalangin ni Dr. Lee, gumaling siya mula sa sakit ng ulo na hindi gumagaling.

Bukod dito, dahil sa panalangin ni Dr. Lee, nahanap ko ang kuya kong labimpitong taon na naming hinahanap. Malaking biyaya ito.



Ang MRI scan, at ang resulta ng pagsusuri at payo ng doktor
Ang namamaga at nasirang litid at buto sa balikat

Noong Hunyo 2013, nahulog ako mula lugar na may taas na dalawang metro habang nagtatrabaho sa konstruksyon. Napunit ang litid ko sa balikat ng may habang tatlong sentimetro. Dapat daw akong maoperahan ayon sa ospital. Pero gusto kong gumaling sa kapangyarihan ng panalangin ni Dr. Lee. Marami na akong nakitang pagpapagaling sa pananalangin niya.



Diakono Daein Kim, 60 taong gulang, Parokya 1, South Korea

Nagsimula akong dumalo sa mga pagpupulong sa Manmin Prayer Center, pinakinggan ko ang mga sermon ni Presidente Boknim Lee. Pinagsisihan ko ang masasamang ugali ko tulad ng galit at sama ng loob. Tinanggap ko ang panalangin ni Mrs. Lee na may panyong pinanalanginan ni Dr. Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12). Bumuti ang pakiramdam ko, nakabalik ulit ako sa trabaho.

Pero noong Mayo 2015, habang nagbubuhat ako ng mabigat sa konstruksyon, may sumakit sa kaliwang balikat ko. Napakasakit nito, parang may kumakagat sa laman ko. Hindi ko maiangat ang braso ko, hindi rin ako makaligo nang walang tulong.

Pinaghandaan ko ang paggaling ko sa retreat sa tag-init ng Manmin na idadaos sa Agosto 2015.

Sa pagpupulong na may banal na pagpapagaling sa unang gabi ng retreat, tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Lee para sa mga maysakit. Nanampalataya ako. Nawala ang pananakit, naigagalaw ko na ang kaliwang braso ko. Dati, hindi ako makapagbuhat ng isang bagay na may bigat na 15 kilo, pero ngayon nakakapagbuhat na ako ng hanggang 40-50 kilo.

Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang mabuting Diyos Ama ko na bumago at nagpagaling sa akin.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714